# PAUNANG SALITA:

## *Paggunita sa Ika-Isandaang Taon ng Pakikibaka Laban sa Imperyalismong Estados Unidos*

Ang pagsiklab ng Digmaang Pilipino-Amerikano noong ika-4 ng Pebrero 1899 ang nagdulot ng malawakang pagbabagong panlipunan na kinasangkutan ng nakararaming mamamayang Pilipino. Sa pangkalahatan, maraming direksyon ang tinahak ng ganitong pagbabago. Iba't ibang larangan ng istrukturang panlipunan ang naapektuhan. Ang digmaan, kung gayon, ay hindi lamang isang pangmilitar na tunggalian. Ito ay tunggaliang nagbunga ng kontradiksyon tumatagos sa larangan ng kultura, ekonomiya, wika, etnisidad, at kasarian.

Ang koleksyon ng mga papel sa natatanging tomong ito ng *Philippine Social Science Review* ay bahagi ng mga papel na itinanghal sa kumperensya sa paggunita ng Digmaang Pilipino-Amerikano na itinaguyod ng Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND) nitong Marso 1999. Kakaiba ang kumperensyang ito dahilan sa dinaluhan ito hindi lamang ng mga akademiko at mga guro ng pamantasan, kundi pati na rin ng mga kasangkot sa kilusang masa. Sa simula pa lamang ng pag-oorganisa ng kumperensya, malinaw na ang pagkakaroon ng anti-imperyalistang pagkiling ng mga binasang papel.

Ang mga papel nina Alice Guillermo at Bienvenido Lumbera ang mga pangkalahatang papel na tumalakay at umugat sa isandaang taon ng di-pantay na ugnayan ng Pilipinas at Estados Unidos. Ang kanilang papel ang naglinaw sa binagtas na kasaysayan ng pangingibabaw, dominasyon at pagsasamantala ng Estados Unidos sa Pilipinas. Malinaw din ang pagkilala sa kasaysayan ng pakikitunggali at paggiit sa karapatang magsarili ng Pilipinas laban sa pangingibabaw na ito.

Ang mga sumunod na papel ang tumalakay sa epekto ng imperyalismong Amerikano sa iba't ibang partikular at ispesipikong pag-iral sa Pilipinas. Sa larangang kultural, tinalakay ni Gelacio Guillermo ang tradisyong pampanitikan na may katangiang anti-imperyalista sa mga kasulatan ng bagong demokratikong kilusan. Tinalakay naman sa papel ni Teresita G. Maceda ang kasaysayan ng pambansang awit sa konteksto ng pangkabuoang kilusang kultural na may kiling anti-imperyalista. Ang papel ng edukasyon naman, partikular ang mga Thomasites, ang sinuri ng pananaliksik ni Nancy Kimuell-Gabriel. Sa papel ni Judy Taguiwalo, binigyan-diin niya ang epekto ng edukasyon sa hanay ng mga maralitang kababaihan noong panahong ng pananakop ng Amerika. Ang papel ni Ronaldo Mactal din ang tumukoy sa pangkalahatang partisipasyon ng mga kababaihan sa digmaang Pilipino-Amerikano.

Apat na papel sa koleksyong ito ang tumukoy sa papel ng mga katutubong pamayanan sa nabuong magkatunggaling ugnayan ng sambayanang Pilipinas at ng kolonyalismong Amerikano. Ang papel ni Jamail Kamlian ang tumukoy sa armadong kilusang Bangsamoro, samantalang ang sinulat naman ni Rudy Rodil ang nakatutok sa pakikibakang anti-imperyalista ng mga Lumad ng Mindanao. Ang dalawang papel nina Rowena Reyes-Boquiren at Maria Nela Florendo ang tumalakay sa karanasan ng Cordillera. Sa papel ni Boquiren, binigyan niya ng pansin ang kaugnayan ng pagsusuring makauri sa pagtingin sa kalikasan at kakanyahang pang-etniko sa Cordillera. Sa kabilang banda, ang papel ni Florendo ay pagtukoy sa papel ng kolonyal na institusyon ng *Philippine Constabulary* sa pagbubuo ng pagkakakilanlang etniko.

Ang pagsusuri ng mga dimensyon ng mga pangyayaring kaugnay ng digmaang Pilipino Amerikano ang sinuri ng mga papel nina Edberto Villegas, Ronaldo Mactal, Evelyn Miranda at Roli Talampas. Sa papel ni Villegas, binagtas niya ang yugto-yugtong bahagi ng tunggaliang pangmilitar na naganap. Tinalakay naman ni Mactal ang dinamikong ugnayan ng mga imperyalistang interes sa Pilipinas sa panahon ng digmaan. Binigyang diin ng sinulat ni Miranda ang papel ng lokal na naghaharing uri sa pagtatagumpay ng imperyalistang programa.

Sa kabilang banda, ang papel ni Talampas ang tumukoy sa papel ng migranteng manggagawang Pilipino bilang salamin ng ugnayan ng pangingibabaw ng dalawang bayan.

Gaya ng nabanggit, ilang halimbawa lamang ang mga papel na kalakip dito sa mayamang batis ng kapantasan na tumutuligsa sa isandaang taon ng pangingibabaw at pagsasamantala na sinimulan ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Sa pamamagitan ng mga papel na naihapag, umaasang makita ng mga mambabasa na hindi sa paggunita lamang dapat matatapos ang pagsusuri ng nakaraang digmaan.

**FRANCIS A. GEALOGO**
**Konbinor ng Kumperensya, CONTEND**
**Unibersidad ng Pilipinas**
**Disyembre 1999**